# NAKAYAPAK AT MAY PANGARAP: PARA SA INYONG DAAN, PUSO AY ILALAAN

*by:*
**Mariecris T. Evangelista, LPT**

Mula pagkabata, nakatatak na sa ating isipan ang kahalagahan ng pag-aaral at pagtanggap ng pormal na edukasyon. Malinaw na nag-aaral lang tayo para sa magandang kinabukasan. Ang edukasyon ay karapatan at hindi pribilehiyo. Gayunpaman, hindi maiwasang may mga pagkakataong hindi nabibigyan ng pantay na oportunidad ang bawat parte ng lipunan, kadalasan ay napag iiwanan ang mga nasa laylayan. Isa na dito ang mga katutubong tao o ang mga Aeta na ang pangunahing prioridad ay ang matawid ang pang araw-araw na kabuhayan. Sila ay ating makikita sa mga liblib na lugar kung saan sila ay nagkakalap ng mga prutas na kanilang kakainin o ibebenta. Mga nakayapak na naglalayag sa mga bulubundukin para mamuhay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang kabuhayan ang kanilang inuuna kaya kalimitan na wala sa kanilang isip ang maggugol ng oras sa edukasyon. Bagaman ay hinihiyakat pa rin sila ng gobyerno na mag-aral. Ngunit hindi ito sapat sapagkat ang mga Aeta ay nahihiyang pumasok ng paaralan dahil kadalasan sila ay walang maisuot. Kakulangan sa kagamitan, butas na kamiseta at sirang tsinelas ay ang iilan sa mga dahilan ng kanilang pag-alangan sa pagpapakita sa paaralan. Dahil dito, binibigyan ng espesyal na pakikitungo ang mga Aeta simula na pumasok sila ng paaralan. Hindi makakaila na mas mabagal ang pagkatuto ng mga katutubo kumpara sa mga unat na estudyante. Ito ay maaaring dahil hindi rin sila natuturuan ng kanilang mga magulang sa kanilang mga tahanan. Samakatwid, sila ay binibigyan ng karagdagan na oras ng pagkatuto sa paaralan lalo na sa pagbasa at sa pagsulat. Minsan ay kailangan rin ng pagganyak kagaya ng kapalit na pagkain upang sila ay magsikap na magbasa at magsulat. Ang mga katutubo ay palaging minamaliit lamang o kinakaawawan ngunit kung sila ay bibigyan ng adhikain na

mangarap, ang kanilang katayuan sa lipunan ay magiging mas mabuti. Nakasanayan ng mga katutubo na sila ay tinatratong mas mababa ng karamihan kaya sila ay hindi lumalaban. Maaaring isa ito sa mga dahilan kaya sila ay sumukong mangarap.

Bilang guro, hindi alintana sa kanilang pangkat-etniko o katayuan sa buhay, aking ninanais ang magandang kinabukasan sa bawat estudyante na aking tinuturuan. Akin silang tinutulungang intindihin na ang pagkakaroon ng pangarap ay magbibigay sa kanila ng matiwasay at komportableng kinabuksan. Lalo na sa aking mga katutubong estudyante na tila ay walang sigla dahil sa kaliwa't kanan na diskriminasyon sa kanila sa lipunan, sila ay aking lalong ginaganyak na mag-aral. Kahit pa na magturo ng lagpas sa oras ay aking gagawin para lamang sila ay matutong magbasa at magsulat. Ito ang panahon upang bigyan ng nararapat na katayuan sa lipunan ang mga katutubo gamit ang edukasyon bilang kanilang sandata at ito ay magsisimula sa aking silid-aralan kung saan ang kanilang daan tungo sa magandang kinabukasan ay aking nilalahad ng may buong puso at tiyaga.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan